# Ano ang nangyayari sa hukuman?



Aklat pang-aktibidad para sa mga bata at mga kabataang pumupunta sa korte.

**Kamusta, ako si Kaya,**
**at ito ang kaibigan kong si Lily.**

**Kamusta, ako si** ______________________________ .

Ilagay (o isulat) ang iyong pangalan

**Kinagagalak kitang makilala! Dati kaming nanggaling sa hukuman at gusto naming ibahagi ang mga karanasan namin sa 'yo.**

**Alamin natin ang trabaho natin sa hukuman, napakahalagang trabaho nito! Ang trabaho natin sa hukuman ay sabihin sa Hukom ang tungkol sa isang bagay na nangyari.**

**Maaaring ito ay isang bagay na nangyari sa iyo o isang bagay na nakita mo.**


**Ang pagsabi nito sa Hukom ang magtatalaga sa iyo bilang isang saksi.**

**Sa pamamagitan ng pagbasa ng aklat na ito, matututunan mo ang tungkol sa pagiging isang saksi.**






**Ang husgado ay isang lugar kung saan pumupunta ang mga saksi para sabihin sa Hukom tungkol sa isang bagay na nangyari sa kanila o isang bagay na nakita nila.**




# Ano ang ginagawa ng Hukom?

Ang Hukom ay uupo sa harap ng silid-korte.
Maingat na nakikinig ang Hukom sa bawat taong nagsasalita sa hukuman.
Maaari siyang magtanong sa iyo ng ilang mga katanungan.




**Ang Crown Counsel ay isang abugado na magtatanong sa iyo.**

**Kapag tinanong ka ng Crown Counsel sa korte,**

**pakikinggang mabuti ng Hukom ang iyong mga sagot.**

**Maaari mong marinig ang pagtawag ng mga abugado sa isa't isa bilang "kaibigan ko."**

**Ang Crown Counsel at Defence Counsel (o Manananggol) ay madalas na tumutukoy sa isa't isa**

**bilang "aking kaibigan", ito ay isang tanda ng paggalang sa silid-korte.**




**Ipaliliwanag ng iyong obrero ng Serbisyong Pambiktima kung ano ang nangyayari sa hukuman at sasagot siya sa anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka.**

**Matutulungan ka ng iyong obrero ng Serbisyong Pambiktima na maramdamang ligtas at komportable ka pagdating mo sa hukuman.**




**Tinitiyak ng Klerk ng Hukuman na lahat ng nasa korte ay naka-tala at tinutulungan niya ang Hukom sa mga dokumentong pang-hukuman.**

**Responsable ang Sheriff na mapanatiling ligtas ang lahat na nasa silid-korte.**




**Ang Manananggol ay ang abugado para sa akusado.**


**Tatanungin ka ng Manananggol tungkol sa nangyari sa iyo o kung ano yung nakita mo.**

## Sino ang Akusado?

Ang akusado ay
ang taong inihabla
ng Crown Counsel ukol sa
paggawa ng mali at paglabag sa batas.

Kailangang nasa korte ang akusado
para pakinggan ang
katibayan ng lahat ng mga saksi
at maging naroroon
kapag magpasya ang Hukom
kung sila ay nagkasala
o hindi nagkasala.






## Ang trabaho mo bilang isang saksi

- Makinig kang mabuti at maglaan ng oras sa pagsagot ng mga katanungan.
- Kung hindi mo naiintindihan ang isang katanungan, ayos lang na sabihin mo ito sa Hukom.
- Kung hindi ka sigurado sa sagot sa isang katanungan, ayos lang na sabihin mo ito sa Hukom.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa sinasabi ng isang tao, sabihin mo sa Hukom na hindi ka sumasang-ayon.

## Ano ang nangyayari sa hukuman?

- Magtatanong sa iyo ang Crown Counsel.
- Magtatanong sa iyo ang Manananggol.
- Ipapaalam sa iyo ng Hukom kapag tapos ka na.



Kulayan mo ako

## Akreditadong Asong Pampasilidad

**Sa ilang mga kaso, maaaring samahan ng isang akreditadong asong pampasilidad ang saksi sa hukuman. Ang aso ay isang propesyonal na mayroong mataas na antas ng pagsasanay.**

# Pantulong sa Pananaksi



Ginagawa ng mga pantulong sa pananaksi na mas madali para sa mga saksi ang magpatotoo sa hukuman.

Kadalasan, maaaring magpatotoo ang mga batang saksi  sa labas ng hukuman sa pamamagitan ng closed-circuit TV (o di-pampublikong linyadong telebisyong pangmamatyag) o sa loob ng silid-korte.



Kadalasan, maaaring magpatotoo ang mga batang biktima at saksi sa loob ng silid-korte ngunit sa likuran ng isang screen (o biyombo) para puwedeng  hindi nila makita ang akusado.

Kadalasan, maaaring magkaroon ang mga batang biktima at saksi ng isang taong taga-suporta habang nagpapatotoo sila.



Maaaring nakausap mo ang pulis tungkol sa nangyari sa iyo o kung ano yung nakita mo. Kung naitala ka ng pulisya sa pamamagitan ng video camera (o kinunan ng pulisya ang gumagalaw mong imahe sa kamera), puwedeng patakbuhin ang video na iyon sa hukuman.

Kailangan mo pa ring pumunta sa hukuman, panoorin ang video, at sagutin ang mga katanungang tungkol dito.






Matapos sabihin ng Hukom na tapos ka na, nakumpleto mo na ang iyong mahalagang trabaho.

## Ang trabaho ng Hukom matapos ang korte

**Ang Hukom ay nakikinig sa lahat ng mga saksi at nagpapasya kung mayroon bang sapat na katibayan para patunayang ang akusado ay nagkasala o hindi nagkasala. Kung ang Hukom ay nakatitiyak na ang taong inakusahan ay lumabag sa batas, mapagtitibay ng Hukom na ang akusado ay nagkasala. Kung ang Hukom ay hindi sigurado kung ang akusado ay lumabag sa batas, kailangang ipagpatibay ng Hukom na ang akusado ay hindi nagkasala.**

**Anuman ang mapagpasyahan ng Hukom, dumating ka sa korte at sinabi mo ang katotohanan. 'Dininig ang iyong tinig!"**




Kaya mo bang bilugan ang mga bagay na hindi dapat mangyari sa silid-korte?




"Mas matapang ka kaysa sa pagkakapaniwala mo,
mas malakas kaysa sa tingin mo, mas matalino kaysa sa palagay
mo at minamahal nang higit pa sa pagkakaalam mo"

Winnie the Pooh

Espesyal na pasasalamat sa komite para sa lahat ng mga gawain nila sa munting aklat panghukuman

Paula, Azarria, Julia, Sarah, Deb, Sapna, Judy at Amarjit

(Sophie's Place CYAC Multidisciplinary Team)

Sining ng Munting Aklat - Pat Calder

THE Centre FOR CHILD DEVELOPMENT

Sophie's place

Ang Sentro para sa Kaunlaran ng Bata

9460 - 140th Street,
Surrey, BC V3V 5Z4
the-centre.org/sophies-place/

BRITISH COLUMBIA

Suportado ng Lalawigan ng British Columbia